**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**
**PRESIDENTIAL NEWS DESK**

**MEDIA INTERVIEW BY**
**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.**
**IN PILAR, BATAAN**

[10 April 2023]

**PRESIDENT MARCOS:** ... ang reputasyon ng Pilipino na maging matapang at matibay sa lahat ng bagay, kaya naman eh tayo’y kinikilala sa buong mundo.

Ngunit nakakalungkot kung minsan dahil nakikita ko na hindi masyadong napapag-usapan at tinuturo kaya’y ipinilit ko sa ating pagdiriwang ngayon ng Araw ng Kagitingan ay gawin natin dito sa Mt. Samat upang mabigyan ulit, mapaalala natin ulit sa mga beterano at sa lahat ng ating mga sundalo at sa lahat ng ating mga kababayan na dito nanggaling ang pangalan ng matapang na Pilipino. Fighting Filipinos ang tawag sa atin.

At dahil diyan, dahil dito sa mga nangyari dito, dahil sa pangyayari sa buong Pilipinas noong pangalawang pandaigdig na digmaan at ito talaga ay sa akin ay hindi --- wala ng kasing-halaga na bahagi ng ating kasaysayan kung hindi itong ating pinagdiriwang ngayong araw na ito na Araw ng Kagitingan na dati ay ang Bataan Day.

**Q:** Thank you po sir.

**PRESIDENT MARCOS:** Thank you.

**Q:** Mr. President, magandang umaga po.

**PRESIDENT MARCOS:** Good morning.

**Q:** Opo. Gaano po ka-importante sa ating mga Pilipino na maging matapang lalo na sa mga panahong ito na iba't ibang mga hamon ang kinakaharap ng ating bansa?

**PRESIDENT MARCOS:** Gaya ng sabi mo, iba't ibang hamon ang ngayon ay ating --- hinaharap natin bilang isang bansa at kahit na... Sa Awa ng Diyos ay hindi naman giyera, at may kaguluhan pa rin at kailangan din maging matibay at maalala nga natin ang naging sakripisyo ng ating mga beterano, ang naging sakripisyo hindi lamang ng mga lumaban kung hindi ang mga mamamayang Pilipino na hindi --- na tumutulong sa ating mga kawal, na tumutulong sa ating mga --- kahit na hangga't sa Bolomen, eh lahat naman matuturing natin, kahit tinatawag na civilian ay matuturing natin mga bayani rin dahil sila ay itinaya ang kanilang buhay, tinaya ang kanilang magandang buhay, tinaya ang kanilang hanapbuhay, pati na ang kanilang pamilya, pati na ang kanilang mga community upang tulungan ang ating mga lumalaban para sa wakas ay maging malaya muli ang Pilipinas.

**Q:** Good morning sir. Sir, how was your Holy Week po? 'Yung naging retreat niyo kumusta po?

**PRESIDENT MARCOS:** Very good. Very quiet. I did, as I said, I did my usual routine where I went into retreat and for the Holy --- for the weekend starting on Friday, I fasted. It was a good time to take a breath, take a step back, take long walks and think very hard about what it is that we have to do.

**Q:** PBBM, buti naman po't nakapapahinga kayo sa nakalipas na holiday. Ang atin pong mga war veterans at retirees are asking for a gift from this administration through pension hike po. Are you considering a talk with some lawmakers po regarding the pending bills on the pension hike po nung ating retirees?

**PRESIDENT MARCOS:** Well, ang aming tinitingnan ay kung papaano natin patibayin ang sistema na pagbigay ng pensyon sa ating mga beterano. At dahil sa kasalukuyan, pagka hindi natin inayos ang sistema, hindi tatagal dahil malaki ang binibigay natin sa mga pension.

Mayroon nagre-retire bago sa retireable age. Ito mga problemang ito ay lilitaw 'yan kaya't ang aming ginawa ay tiyakin muna na may sistema upang ang lahat ng ating mga beterano ay makatanggap ng kanilang tamang pensyon.

Saka pag naayos natin ito, saka na ngayon natin tingnan kung ano pa ang maari nating ibigay, lalong-lalo na sa World War II veterans. Dahil kung maalala ninyo, a few years ago, it was only a few years ago na kinilala ang ating mga beterano, at ibinigay ang kanilang backpay.

And these are World War II veterans. Ngunit ang mga Bolomen, for example 'yung tinatawag na Bolomen na lumaban din ay sa gobyerno naman kumuha ng kanilang pension.

So ito'y ipagpatuloy dahil --- kilalanin natin sila. At sa nag-survive na sundalo na fighter, na frontline fighter limang daan... Siguro ang nag-survive sa giyera limang daan libo, ang natitira na lang sa atin labis sa --- mas marami sa 1,000 na lang kaya kailangan talaga natin ay kupkupin natin at tulungan natin at alagaan natin sila dahil sila ang nagbigay nitong napaka-gandang biyaya ng kalayaan sa atin dito sa Pilipinas.

**Q:** So hindi naman po sila kasama doon sa MUP reform?

**PRESIDENT MARCOS:** No.

**Q:** Sir, salamat po nang marami, marami po. Celerina Monte po sa NHK. Salamat din po sa pag-allow niyo sa amin na ma-interview kayo dati sa Japan, sa one-on-one.

**PRESIDENT MARCOS:** Of course. Yes, I remember.

**Q:** Sir, sorry. But I have to ask this, because this is a more pressing issue right now, kasi 'yung China is saying that the additional four EDCA sites could be provocative and could add tensions in the region, considering that two of the bases are there near Taiwan and the other one is near the South China Sea. Can we get your comment on this?

**PRESIDENT MARCOS:** Well, these are existing --- unang-una these are existing bases. Lahat ito existing na 'yan. Mayroon na talaga tayong ---- mayroon na tayong kampo diyan na dati pa. At ang kaibahan lamang at sa ginawa natin dito ay 'yung EDCA ay binibigyan natin ng pagkakataon ang ating mga --- our only treaty partner, which is the United States, we give them a chance to be able to come and help us in any way, lalong-lalo na ---

nag-umpisa talaga ‘yan sa pagtulong sa mga disaster relief, ganyang klaseng bagay.

Ngayon, ang pinagpilian natin ay ang pinaka nakikita natin na madalas ay nagiging --- napipinsala sa mga bagyo, sa mga kung ano-anong mga disaster.

Ngayon, ang reaction ng China ay hindi naman siguro kataka-taka dahil nag-aalala sila. Pero hindi naman tayo --- hindi naman gagamitin, hindi tayo papayag, ang Pilipinas, hindi tayo papayag na gamitin ang mga bases natin para sa kahit anong offensive na action. Ito ay para lamang tulungan ang Pilipinas, kapag nangangailangan ng tulong ang Pilipinas.

Kaya’t kung wala naman sumusugod sa atin, hindi na sila kailangan mag-alala dahil hindi naman sila natin lalabanan. At hindi naman... Ang ginagawa lamang natin ay ipagpatuloy natin na pinapatibay natin ang depensa ng ating teritoryo, ang pagdepensa ng Republika.

**Q:** Salamat po nang marami.

**PRESIDENT MARCOS:** Okay. Thank you.

**--- END ---**